

Mahal na mga Magulang at Guardians,

Para sa maraming estudyante, ang transisyon mula elementary school patungo sa high school ay maaring maging challenging at komplikado. Ang mga alalahanin tungkol sa mga pagbabago sa work load at school environment, ang pagkakaroon ng ibang mga kaibigan, ang mga bagong social pressure, at ang karagdagang pananagutan ay maaring magpabigat sa panahong ito paminsan-minsan.

Nauunawaan ng YWCA Metro Vancouver ang pangangailangang suportahan ang mga estudyante sa kanilang transisyon patungo sa high school. Kinonsulta nito ang Vancouver School Board at ang Surrey School District, at magkasama silang nagdibelop ng innovative after-school programs para sa mga estudyante sa Grade 7.

Dahil sa Covid-19, ang YWCA Youth Education Programs ay inaalok na ngayon online gamit ang Zoom. Ang mga estudyante sa Grade 7 ay iniimbitang sumali sa isang afterschool program bawat linggo upang matuto sila ng skills para sa mga mainam na relasyon, paggawa ng desisyon, at pagpapahalaga sa sarili sa high school. Habang nakikilala ng mga estudyante ang ibang mga estudyante sa Grade 7 sa kanilang eskwelahan at komunidad, matututunan din nila kung paano manatiling nasa mabuting kalusugan, kung paano kayanin ang stress, kung paano makipagkaibigan, maglutas ng mga pagtutunggali, at marami pang iba.

Ang live sessions ay isasagawa gamit ang Zoom, at ito’y magtatagal nang 30-45 minuto bawat beses. Libre ang paglahok sa programa para sa mga kalahok. Tingnan sa ibaba ang mga paksa ng programa.

Linggo	Paksa ng Programa
1	Pambungad at welcome
2	Mga Mensahe sa Media
3	Paano Manatiling Malusog, at Paano Pamahalaan ang Stress
4	Healthy Friendships at Values
5	Kapag Nagkakaproblema sa mga Kaibigan
6	Identidad at Kalakasan
7	Closing / Celebration
Bonus session	High School Q&A Panel

Bukod pa sa live sessions, ang mga kalahok ay tatanggap din ng opsyonal na independent activities upang suportahan ang pagtuto nila sa programa. Ang mga pamilya ay tatanggap ng *Family Chat-Time Booklet* na may mga katanungan at resources tungkol sa pagtatalakay, nang ito ay mapag-usapan at mabasa sa tahanan.

Para sa karagdagang impormasyon, o upang magrehistro, kontakin kami sa youth@ywcavan.org o bisitahin ang ywcavan.org/grade7register